Pahayag ng mamamayan sa harap ng pandaigdigang krisis pampinansya at pang-ekonomya

Umaabot na ang pandaigdigang sistemang kapitalista sa limitasyon ng lubhang pag-asa sa utang, ispekulasyon, pagsasamantala sa murang paggawa, at digmaan. Mabilis na dumadausdos at nawawasak ang kabuhayan ng mamamayan kapwa sa mga mayamang bansa na sentro ng kapitalismo at lalo sa mga atrasadong bansa gaya ng Pilipinas.

Inaasahang tatagal nang mahaba-habang panahon ang kasalukuyang pandaigdigang krisis at sa buong panahong ito, milyun-milyong pamilya pa ang mawawalan ng kabuhayan at lalong malulubog sa kahirapan.

Tunay ngang pinapasan ng karaniwang mamamayan ng daigdig, kabilang ang mamamayang Pilipino, ang bigat ng kasalukuyang krisis pampinansya at pang-ekonomya. Ang mga diumanong solusyon sa krisis, sa kabilang banda, ay dumaragdag pa sa ibayong pagdurusa ng mamamayan.

Sa halip na tugunan ang mga susing usapin gaya ng lubhang pagsandig ng Pilipinas sa pandaigdigang ekonomya para sa merkado, trabaho, at pamumuhunan, ang tanging tugon sa krisis ng administrasyong Arroyo ay mga panandaliang solusyon gaya ng tinatawag nitong P330-bilyong stimulus package at lalo pang pag-eksport ng mga manggagawang Pilipino.

Ang masahol pa, ginagamit ng gobyerno ang krisis upang ibayo pang ipatupad at bigyang katwiran ang mga kontra-mamamayang patakaran nito gaya ng pleksibilisasyon ng paggawa, dagdag na buwis, at mas agresibong liberalisasyon ng pamumuhunan at kalakalan, katulad ng ibig nitong mangyari sa pamamagitan ng Charter change (Cha-cha).

Sa gitna ng tumitinding atake ng krisis pampinasya at pang-ekonomya sa kabuhayan ng mamamayan, ating lalabanan ang mga kontra-mamamayang patakaran at iskema ng gobyerno.

Ating ilulunsad ang agresibo at seryosong mga pag-aaral at talakayan upang higit pang maintindihan ang ugat at katangian ng kasalukuyang krisis at mailantad ito sa pinakalamawak na hanay ng mamamayan.

Sama-sama tayong kikilos upang isulong ang mga makabuluhang programa at proyekto na agad tutugon sa pangangailangan at interes ng mga sektor na dumaranas ng pinakamalakas na hambalos ng krisis.

Sama-sama tayong kikilos upang simulan ang pagsusulong ng mga pangmatagalang reporma na magbibigay-daan sa malaon nang mithiin ng sambayanang Pilipino – ang isang ekonomyang tunay na maunlad, nakaasa sa sarili, at tumutugon sa mga pangangailangan ng bansa at ng mamamayan.

Pahayag ng pagkakaisa ng mga dumalo sa talakayang "Global Financial and Economic Crisis: Exposing Capitalism, Looking For Alternatives", na inorganisa ng Bayan, IBON Foundation, at Resist sa pakikipagtulungan ng La Sallian Justice and Peace Commission, 9 Pebrero 2009 sa Fajardo Gonzales Auditorium, 18th F Bro. Andrew Gonzales Hall, Taft Avenue, Manila

Mga dumalong organisasyon at institusyon:

Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)
IBON Foundation Inc.
RESIST!
La Sallian Justice and Peace Commission (LSJPC)
International League of Peoples' Struggle (ILPS) Philippines
De La Salle University (DLSU)
University of the Philippines - Diliman
Philippine Normal University (PNU)
Polytechnic University of the Philippines (PUP)
St. Scholastica's College
URS - Rodriguez
United Church of Christ of the Philippines (UCCP)

College Editors' Guild of the Philippines (CEGP)
National Union of Students of the Philippines (NUSP)
Health Students Action
Kilusang Mayo Uno (KMU)
Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP)
Migrante International
Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay)
Health Alliance for Democracy (HEAD)
League of Filipino Students (LFS)
Student Christian Movement (SCM) of the Philippines
GABRIELA
Anakbayan
Aksyon Manggagawa
Promotion of Church People's Response (PCPR)
Ecumenical Institute for Labor Education & Research (EILER)
Solidarity of Cavite Workers
Samahan ng mga Ex-Detainees Laban sa Detensyon at Amnestiya (SELDA)
Bayan Southern Tagalog
Bayan NCR
LFS NCR
SCM NCR
Anakbayan NCR
CEGP NCR
Bayan Muna - Makati
Musicians for Peace
Samakana
Sining Bugkos
Peace for Life
UGAT Lahi
BALATIK
CAWAL
CNS-PUP
COMMED
COSCA-LOVE
LSAIDE-DLSU
DLS CSB SPO
DLSU Interbu K31
JEMA-RLSU
JPIC
NKPWU-NAFLU-KMU
Tudla Productions
Poli Scy
LEY La Salle
CPDG
CHD
PPC
SEWA